# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 41 BILANG 3 | BASAHIN AT TALAKAYIN | MARSO 2021


EDITORYAL

## Itanghal ang Bagong Hukbong Bayan — ang sandata ng mamamayan laban sa teroristang rehimeng US-Duterte!

Higit limang dekadang pag-iral at pagpupunyagi ng BHB ang nagpapawalang-saysay sa pagyayabang ni Duterte na "uubusin ang NPA" at "papatayin lahat ng komunista". Bago pa man ang kanyang rehimen, matagumpay nang binigo ng BHB ang mga kampanyang panunupil ng mga nagdaang rehimen sa dikta ng imperyalismo.

Ang mga tagumpay ng BHB sa nakaraang 52 taon at matatag na pag-abante ng digmang bayan ay banta sa lokal na naghaharing-uri at imperyalismo. Sinasagkaan nito ang walang pakundangang pagkakamal ng yaman at kapangyarihan ng kasalukuyang naghaharing pangkating Duterte at pandarambong ng imperyalismo.

Bangungot para sa mga mapagsamantala ang pagbabangon at pag-aarmas ng mamamayan. Kaya sapul nang arbitraryong talikdan ng GRP ang *peace talks* sa NDFP noong 2017, todo larga na ang kahibangang pulbusin ang rebolusyon. Todo buhos ang pondo sa AFP-PNP at sa kontra-rebolusyonaryong gera. Sa pambansang badyet noong 2020, may kabuuang P374 bilyon para sa AFP at PNP. Ngayong 2021, sa gitna ng paglaban sa pandemya, naglaan ng P38 bilyon para sa modernisasyon ng AFP at P19 bilyon para sa NTF-ELCAC. Inuutusan ang lahat ng galamay ng reaksyunaryong gubyerno hanggang sa antas barangay na magsilbi sa anti-komunistang *task force*. Pinalaganap ang mga kahangalang pagdedeklara ng *persona non grata* at kampanyang pagpapasuko. Tinatakang terorista ang mga rebolusyonaryo at tinatakot ang mga pamantasan, simbahan, NGO at iba pang institusyon na kundenahin ang PKP-BHB sang-ayon sa kabulastugang ito.

Pandayan ng BHB at sambayanan ang buhay-at-kamatayang pakikihamok sa teroristang rehimeng Duterte. Pinalaki ang bilang ng AFP-PNP at



KALATAS

Marso 2021
TOMO 41 BILANG 3

NILALAMAN

1 Itanghal ang Bagong Hukbong Bayan — ang sandata ng mamamayan laban sa teroristang rehimeng US-Duterte!

3 14 na kaswalti natamo ng AFP sa 4 na opensiba ng BHB sa TK

4 Sumusulong ang mga babaeng mandirigma sa TK

5 Rebolusyonaryong mamamayan sa TK, pinagdiriwang ang ika-110 taon ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan

6 Tugon ni PdG: Bakit bigo ang tugon ng rehimeng Duterte sa COVID-19

8 Madugong crackdown ng rehimen sa TK

9 Umiigting ang pakikibaka ng mamamayang Burmese laban sa huntang militar

9 Bigong demolisyon ng community resort ng mga mangingisda sa Nasugbu, Batangas

10 Panukalang 3in1 Palawan ng pangkating Duterte-Alvarez, ibinasura ng mga Palaweño

10 Dalawang Mangyan-Hanunuo, dinukot ng 203rd Brigade

11 Panganganyon at panghahalihaw ng AFP-PNP sa Oriental Mindoro

11 Kultura: Ang mahalagang lakad ni Ka Libwa

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

ginawang mas masinsin ang pakat ng kaaway sa mga eryang pokus nito tulad ng TK. Sa ngayon, may 22 panagupang batalyon ng AFP-PNP na sinusuportahan ng 6 na batalyon ng CAFGU sa rehiyon. Sa tulong ng US, sinasanay ang mga militar at pulis sa iba't ibang tipo ng operasyon sa lupa, himpapawid, katubigan, kalunsuran at pati kombat sa gabi. Pinasidhi ang pang-aatake sa mga komunidad gamit ang mga modernong armas pandigma tulad ng mga *drone*, helikopter, eroplano, kanyon, at iba pa.

Mala-halimaw ang AFP-PNP na *death squad* ng mamamatay-taong rehimen. Tahasan nitong nilalabag ang internasyunal na makataong batas at mga alituntunin sa pakikidigma. Walang awang pinapatay ang mga kasapi ng BHB na wala nang kapasidad lumaban o mga *hors de combat*. Tinutugis at pinapatay ang mga ex-NPA o yaong mga bumalik sa sibilyang pamumuhay upang may maipagyabang na tropeo sa bigo nilang gera. Wala rin itong patawad sa paglikida sa lahat ng binabansagang 'banta sa seguridad' at 'kalaban ng estado', kaya pati mga aktibista ay tinatarget gaya ng nangyaring Madugong Araw ng Linggo noong Marso 7 at pataksil na pagpatay sa unyonistang si Dandy Miguel noong Marso 28.

Mabigat ang puhunan ng rebolusyonaryong mamamayan upang pangibabawan ang mga imbing kontra-komunistang pakana ng estado. Katumbas ng laking platun ang bilang ng mga Pulang mandirigma ng MGC-BHB TK na nasawi sa mga labanan at pinaslang ng kaaway noong 2020. Kabilang dito ang mga lider ng rebolusyon sa rehiyon na sina Bonifacio "Ka Nato" Magramo at Mario "Ka Jethro" Caraig. Ipinagmamalaki sila ng rebolusyonaryong kilusan at ginagawaran ng habambuhay na pagdakila bilang mga tunay na bayani at huwarang anak ng bayan!

Dahil sa pagpupunyagi ng mamamayan at BHB, bigo ang rehimeng Duterte na tupdin ang maitim nitong plano. Pahiyang-pahiya ito sa paulit-ulit na pag-aatras ng dedlayn ng pagwasak sa PKP-BHB. Nananatili ang 110 larangang gerilya ng PKP-BHB sa buong bansa. Patuloy ang pagputok ng mga taktikal na opensiba (TO) laban sa abusadong AFP-PNP at mga sagadsaring kaaway sa uri. Mula 2017-2020, naglunsad ang MGC ng 276 TO at nagsamsam ng 159 armas. Nagdulot ang mga opensiba ng BHB sa nakaraang apat na taon ng higit isang batalyong kaswalti sa AFP-PNP-CAFGU: 284 patay, 261 sugatan, 2 binihag at 10 sumuko sa labanan.

Tinatamasa ng BHB sa 52 taon ang nag-uumapaw na pagmamahal ng mamamayan na hindi kayang pigilan ng karahasan ng estado. Sa kagipitan at kahirapan sa panahon ng pandemya, magkasama ang BHB at masa. Kasama nitong nakikidigma ang mamamayan kaya hindi ito nauubusan ng pamamaraan kung paano biguin ang kaaway. Bawat pagkabuwal ng Pulang Hukbo sa labanan ay tinutumbusan ng pagsasalin ng bagong dugo mula sa milyong inaapi't pinagsasamantalahan.

Hindi mapaghihiwalay ang BHB at mamamayan. Patuloy na minamahal at sinusuportahan ang BHB ng masa dahil sa katapatan nitong tupdin ang kanyang mga tungkulin. Ibayong pinahihigpit ang ugnayan ng Hukbo at masa sa pamamagitan ng marubdob na gawaing pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos. Katuwang ito ng masang magsasaka sa mga antipyudal na pakikibaka at pagpapatupad ng tunay na repormang agraryo. Pinangungunahan nito ang pagtatayo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan. Dito nagsasanay ang anakpawis sa paggugubyerno at pagtindig sa sarili.



# 14 na kaswalti natamo ng AFP sa 4 na opensiba ng BHB sa TK

Sa gitna ng walang tigil at masinsing *focused military operations* (FMO), nailunsad ng mga yunit ng BHB sa Timog Katagalugan ang 4 na taktikal na opensiba ngayong Marso na nagresulta sa 14 na kaswalti sa hanay ng AFP.

**Marso 3.** Bandang 6:20 ng hapon, kinomando ng isang tim ng Lucio de Guzman Command (LdGC) - BHB Mindoro ang nakapwestong 4th IBPA sa Brgy. Manoot, Rizal, Occidental Mindoro. Pinutukan nila ang mga kaaway na may 60 metro ang layo sa kanila at tumumba ang target. Ligtas namang nakaatras ang tim. Matapos nito, nagpasok ang mga mersenaryo ng isang trak ng sundalo at 1 PNP *mobile* sa Brgy. Manoot para kunin ang kanilang kaswalti at magdagdag ng pwersa.

**Marso 5.** Alas sais ng umaga, naglunsad ng dagliang ambus ang isang yunit ng Apolonio Mendoza Command (AMC) - BHB Quezon sa nag-ooperasyong 59th IBPA sa Sitio Colong, Brgy. San Francisco B, Lopez, Quezon. Pinutukan nila ang mga sundalo at pinasabugan ng *command detonated explosive*. Tatlo ang patay at isa ang sugatan sa 59th IBPA habang ligtas na nakaatras ang yunit ng AMC.

**Marso 25.** Matagumpay na naisagawa ng isang iskwad ng yunit ng LdGC ang aktibong pagdepensa laban sa umaatakeng tropa ng 203rd Brigade sa ilalim ng pamumuno ni Col. Augusto Villareal. Lima ang patay at tatlo ang sugatan sa 203rd Brigade habang walang pinsala ang yunit ng LdGC sa labanang naganap pasado alas tres ng hapon sa Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Sa pagkatalo ng pasistang tropa, 11 ulit na kinanyon ng *howitzer* ang hangganan ng mga bayan ng Mansalay at Roxas.

**Marso 28.** Nasorpresa ang nakahimpil na tropa ng 203rd Brigade sa Brgy. Malu, Bansud, Oriental Mindoro nang paputukan ito ng isang tim ng BHB Mindoro sa layong 10 metro. Isa ang napaslang sa mga kaaway habang walang kaswalti sa BHB.


Ayon kay Armando Cienfuego, tagapagsalita ng MGC - BHB TK, "Tungkulin ng BHB na durugin ang mga pwersa ng estado at ipagtanggol ang mamamayan sa mga atake nito. Pursigido ang MGC-BHB TK na biguin ang terorismo ng rehimeng Duterte at pagbayarin ito sa mga krimen nito sa bayan."

*Itanghal ang Bagong Hukbong Bayan...mula sa pahina 2*

Sa harap ng pinatinding reaksyunaryong panunupil, ibayong nagsisikap ang BHB na magpalakas ng pwersa at kamtin ang mga rekisitos para sa pagtuntong sa mas mataas na antas ng digmang bayan. Puspusan itong nag-aaral, nagsasanay at nagpapatibay ng hanay. Pinapalalim at pinahihigpit ang pagtangan ng bawat Pulang mandirigma sa mga disiplina, alituntunin, higit lalo sa proletaryong paninindigan na salalayan ng kanyang pagiging rebolusyonaryo.

Mahigpit na tumatalima ang BHB sa linya ng matagalang digmang bayan. Pursigido itong nagsusulong ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na umaani ng papalawak at papalalim na suporta ng mamamayan. Sa tulong ng masa, nagtutuklas ito ng mga taktika at paraan para biguin ang mga atake ng AFP-PNP at maglunsad ng mga TO sa gitna ng mga FMO-RCSPO. Mahigpit nitong katuwang ang milisyang bayan sa pagtupad sa mga misyon.

Malinaw ang mga batayan kung bakit hindi magagawang talunin ng kahit sinong rehimen, higit lalo ng hibang at hangal na gubyernong Duterte, ang Bagong Hukbong Bayan. Sa harap ng teroristang rehimen, ipinakikita ng rebolusyonaryong hukbo ang determinasyon at katatagan sa pakikidigma para sa inaadhikang maunlad, makatao, at mapayapang lipunan. Buong pusong naglilingkod at handang mag-alay ng buhay ang BHB upang mapasakamay ng mamamayan ang pampulitikang kapangyarihan at mahawan ang landas tungo sa mithing sosyalistang bukas.



# Sumusulong ang mga babaeng mandirigma sa TK

Ang mga larangang gerilya sa TK ay tahanan at pandayan ng rebolusyonaryong kababaihan na nais mag-ambag ng sarili sa digmang bayan. Sa panunungkulan ni Duterte, umabot sa 20% ng pwersa ng MGC-BHB TK ang babae.

Buong sikhay na ginagampanan ng mga kababaihang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan sa rehiyon ang lahat ng tipo ng gawain kaya tuluy-tuloy na sumusulong, umaangat at napapanday ang kanilang kakayanan bilang mga rebolusyonaryo. Susi ang papel ng mga kababaihan sa pagganap bilang mga pinunong militar, pampulitika at medik ng mga yunit ng hukbong bayan. Habang tumutupad sa tungkulin, bumubuo rin sila at nagpapaunlad ng mga rebolusyonaryong pamilya. Ang lahatang panig na pagsulong ng kababaihan ay makikita sa buhay nina Ka Pam at Ka Lori, mga babae sa unahan ng digmang bayan sa TK.

**Matikas at mahusay na kumandera**

Malinaw na atas sa tamang panahon. Batayang prinsipyo ito sa mahusay na pagkukumand na kabisado ni Ka Pam, isang kumandera ng BHB sa TK. Sa gitna ng palitan ng mga putok, lumulutang ang mataginting niyang tinig na nagtatakda ng maniobra ng Pulang hukbo. "ASOLT, 2ND TIM!" o di kaya'y "REIMPORS NG MASINGGAN!". Kilala ng mga kasama at agad na sinusunod ang kanyang boses.



Nagmula si Ka Pam sa rebolusyonaryong pamilya ng mga maralitang magsasaka. Taglay ang pisikal na lakas at wastong aktitud, nagpaunlad siya ng sarili hanggang hirangin na *commanding officer* (CO) ng kanyang yunit at kalauna'y opisyal ng pangunahing yunit gerilya ng BHB sa rehiyon. Patunay siya na malulubos ng kababaihan ang kanilang potensyal sa loob ng rebolusyonaryong Hukbo.

Huwarang gerilyang mandirigma si Ka Pam. Disiplinado siya sa pagsasabuhay ng mga regulasyong militar sa platun, mula gising-bangon-pak-ap hanggang pagtataliba sa gabi. Organisado rin siya—palaging masinop ang kubo at nakapak-ap ang gamit—at mahusay sa pag-iiskedyul ng mga gawain.

Kwento ng isang kasama, natutunan niya kay Ka Pam na kayang-kayang pagsabayin ang gawaing produksyon, pagsisiyasat, at pamilyarisasyon sa erya. "Minsan sumama kami sa masa na mamulot ng sihi sa tabing dagat. Nakapagpamilyarisa na kami ng tabing dagat, nakapagsiyasat pa habang tumutulong sa kabuhayan ng masa."

Hindi lamang sa pag-oorganisa ng tropa sa pang-araw-araw magaling si Ka Pam. May angkin din siyang talino sa pagsusuri sa kilos ng kaaway at tereyn. Dahil sa wastong pagbasa, nauuna ng hakbang at hindi nadedepensiba ang yunit na kanyang pinamumunuan. Pagdating naman sa mga taktikal na opensiba, inaasahan siyang mamuno sa mga tim na pang-asolt o pampigil sa mga kaaway.

Naikukwento ng mga kasama na iyakin si Ka Pam tuwing may mga tunggalian sa ideya subalit matapang sa mga labanan. Sa halos tatlong dekada sa Hukbo, wala siyang rekord ng pamamahinga o pag-alis. Dito na siya nag-asawa at nagkapamilya. Matagumpay nilang itinatag ng kanyang asawa na kumander din ng BHB ang isang rebolusyonaryong pamilya. Ipinagmamalaki nilang pultaym na rin sa hukbong bayan ang isa nilang anak na babae.

**Matatag na giya sa pakikidigma**

Sisilay pa lang ang araw ay naka-pots at baril na si Ka Lori, handa nang magrekon kasama ang sinasanay na bagong mandirigma. Sa kalaliman naman ng gabi, maaaninag ang liwanag ng *flashlight* sa kanyang kubo habang inaaral niya ang plano ng yunit kinabukasan. Ganito

ang buhay bilang opisyal sa pulitika ng BHB—pinakahuling natutulog, pinakamaagap na gumigising.

*Political instructor* (PI) ng isang yunit ng BHB sa TK si Ka Lori. Bilang PI, tungkulin niyang itaas ang pampulitikang kamulatan ng Hukbo at pangunahan ang gawaing pampulitika sa hanay ng masa. Mahigpit din niyang tinutuwangan ang CO sa pagbasa sa kalagayang panseguridad at pag-oorganisa ng mga istap sa lohistika at medikal. Ika niya, kailangang subaybayan ang lahat ng aspeto ng gawain para matiyak ang mahusay na paggana ng yunit at mataas na moral ng mga kasama.

Malapit na kaibigan at kung minsa'y nanay ang turing kay Ka Lori ng kanyang mga kasama sa yunit. Bukas ang kanyang kubo para sa sinumang nais maglabas ng suliranin o isipin. Kahit hindi nagbibisyo, lagi siyang may baon na tabako na kanyang iaalok sa mga kasamang gustong makipagkwentuhan.

Kahit malapit sa mga kasama, hindi liberal si Ka Lori. "Prangka siya kapag nagpapaabot ng puna, pero maluwag sa pagtanggap ng puna sa kanya. Kahit magkaroon ng mahabang tunggalian, hindi nagbabago ang turing at pakikitungo niya sa mga kasama," kwento ng kanyang kasama sa yunit.

Makulay at makabuluhan ang mahigit isang dekadang paglilingkod ni Ka Lori sa BHB. Isang matinding pagsubok na kanyang pinagdaanan ang pagkahuli ng kaaway sa kanyang asawa na isa ring Pulang mandirigma. Bagamat nalulungkot, hindi nabawasan ang kanyang pagpupursige sa mga gawain. Sa katunayan, sa panahong ito'y tumanggap siya ng mas mabibigat na responsibilidad mula sa Partido. Patuloy rin siya sa paggabay at pangangalaga sa kanyang anak sa pamamagitan ng pagmumulat sa mga nagpapalaki sa bata.

Nahanap nina Ka Pam at Ka Lori ang layunin ng kanilang buhay habang nagpupunyagi sa digmang bayan. Hinubog nila ang kanilang mga sarili upang maging mga rebolusyonaryong ina at asawa hindi lamang sa kanilang dugo't laman kundi pati sa mamamayang inaapi't pinagsasamantalahan. Hinarap nila nang buong tapang at naigpawan ang bawat hamon sa pakikipaghamok sa malupit at mersenaryong kaaway. Patunay sila sa katotohanan ng sinasabi ni Kasamang Mao Zedong na hawak ng kababaihan ang kalahati ng kalangitan at upang magtagumpay ang rebolusyon, kailangang ang kanilang paglahok dito. K

## Rebolusyonaryong mamamayan sa TK, pinagdiriwang ang ika-110 taon ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan

Sinalubong ng rebolusyonaryong pwersa sa Timog Katagalugan (TK) ang ika-110 Pandaigdigang Araw ng Kababaihan ng mainit na pagbati at pagsaludo sa magigiting na babaeng mandirigma at rebolusyonaryo sa rehiyon.

Nagbigay-pugay ang PKP-BHB-NDFP sa TK sa mga ambag ng kababaihan sa pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon. Dinakila nila ang magigiting na kababaihang martir na nagbuwis ng kanilang buhay alang-alang sa sambayanan.

Ayon kay Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-TK, "Kahanga-hanga ang ipinamalas ninyong katapangan at dedikasyon sa pagsusulong ng mga pakikibaka hindi lamang para sa inyong mga karapatan at kagalingan bilang mga babae kundi higit sa lahat sa pagsusulong ng kapakanan at makauring interes ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino."

Pulang saludo naman ang iginawad ng Melito Glor Command (MGC) -BHB TK sa mga kababaihan. Ani Armando Cienfuego, tagapagsalita ng MGC, "Tinatanganan ng mga kababaihan ang sulo ng pakikibaka. Hindi sila aatras at patuloy na lumalaban para biguin ang terorismo ng rehimeng Duterte. Lumalahok sila sa pambansa demokratikong rebolusyon para ibagsak si Duterte at itayo ang tunay na gubyernong bayan na magsusulong at mangangalaga sa karapatan at kagalingan ng buong sambayanan." K



TUGON
NI PATNUBAY DE GUIA

# Bakit bigo ang tugon ng rehimeng Duterte sa COVID-19?

Isang taon mula unang magkaroon ng kaso ng COVID-19 sa Pilipinas, subalit hindi ito nagawang sansalain ng rehimeng Duterte bagkus nagkaroon pa ng panibagong sikad ng mga kaso nitong 2021. Sa pagtatapos ng Marso, umabot na ng 747,288 ang mga kaso ng impeksyon kung saan 13,297 ang mga namatay. Pumapangalawa ang Pilipinas sa Indonesia sa pinakamaraming nahawahan ng *virus* sa Timog-silangang Asya.

Malinaw pa sa sikat ng araw ang kapalpakan ng rehimeng Duterte sa pagharap sa pandemyang COVID-19. Isang kabalintunaan ang paninisi ng rehimen sa taumbayan gayong ang kainutilan at kapalpakan nito ang dahilan ng higit na paglaganap ng sakit. Naghahasik pa ito ng takot para supilin ang lehitimong karaingan ng mamamayan.

**Korapsyon sa pondo**

Hindi maililingid na ang kabagalan at pagkaantala ng mga serbisyong pangkalusugan sa panahon ng pandemya ay bunsod ng pangungurakot ni Duterte sa pondo ng bayan. Ipinasâ ng rehimen ang Bayanihan to Heal as One Act noong Marso 25, 2020 na nagbigay ng kapangyarihan sa kanya na galawin ang P275 bilyon sa ngalan ng kampanya laban sa COVID-19. Para umano ito sa pagbibigay ng ayuda sa lahat ng apektadong sektor sa pamamagitan ng *social amelioration program* (SAP). Subalit ang pinaglaanan lamang ng SAP ay 18 milyong benepisyaryo o 16% lamang ng kabuuang populasyon at napakabagal pa dahil sa burukratikong buhol-buhol ng pamamahagi. May 900,000 pamilya pang dumaraing na hindi pa nakatanggap ng ayuda na karamihan ay mga maralita ng lungsod, magsasaka, manggagawa at mala-manggagawa.

Patuloy na nagkamal ng yaman ang mga nasa poder sa gitna ng pandemya kagaya ng alagad ni Duterte na si Department of Health (DOH) secretary Francisco Duque III. Sangkot siya sa kurapsyon sa pagbili ng mamahaling *personal protective equipment* (PPE) ng DOH at paglustay sa P2 bilyong pondo ng ahensya para sa gamot at suplay medikal. Nalantad ang kanyang kurapsyon sa dinambong na P15 bilyong pondo ng Philhealth sa kanyang termino.

Kasalukuyan ding iniimbestigahan ang $1.2 bilyong inutang mula sa World Bank, Asian Development Bank at Asian Infrastructure Investments Bank para sa bakuna. Kwestyunable kung saan napunta ang pera gayong wala pang naisasarang kontrata ang gubyernong Duterte sa alinmang kumpanyang *pharmaceutical*. Barumbadong sumagot si Duterte na "nasa bangko ang pondo."

**Mga palyadong solusyon**

Palyado ang mga solusyon ni Duterte at binalewala ang panukala ng mga eksperto. Simula pa lamang, hindi ipinatupad ang *travel ban* sa China na pinagmulan ng COVID-19. Sa kabila ito na sing-aga pa ng Disyembre 30, 2019 ay inalertuhan na ng China ang World Health Organization (WHO) sa pagsiklab ng epedemik ng pulmunya sa Wuhan City, Hubei sa China mula sa di malamang pinagmumulan na una nilang tinawag na 2019-nCoV. Patuloy na dumagsa sa Pilipinas ang mga turistang Chinese mula Wuhan at pagpasok sa bansa ng mga POGO na pinatatakbo ng mga Chinese at mga manggagawang mula China.

Minaliit lamang ni Duterte ang banta at panganib ng pandemya. Hindi pinakilos ang buong sistema ng pampublikong kalusugan para magsagawa ng *mass testing*, *contact tracing*, libreng pamamahagi ng *face masks* at iba pang hakbanging kontra-COVID-19. Mas inatupag nito ang paghihigpit at militaristang *lockdown* nang walang malinaw na programa para tugunan ang pangangailangan ng apektadong mamamayan.

Labis ring pinabayaan ang *medical frontliners*. Napakaraming manggagawang pangkalusugan ang nagkaroon ng COVID-19 at namatay dahil sa hindi pagtitiyak ng gubyernong Duterte sa kanilang kaligtasan. Kapos na kapos ang mga PPE para sa kanila. Pinagtatrabaho sila sa napakahabang oras nang walang kapalit, kumpensasyon at halos walang pahinga.

Nagkukumahog pa rin ang gubyernong Duterte na makakuha ng mga bakuna. Sa ngayon, lagpas sa 2 milyon dosis pa lamang ang dumating na bakuna at hindi sapat para sa inaasam nitong *herd immunity* kung saan target na mabakunahan ang 70-80 milyong Pilipino ngayong taon.

Hindi rin tinugunan ng rehimeng Duterte ang pangangailangan sa iba pang sektor gaya ng transportasyon at edukasyon. Ginipit ang daang libong OFW na na-*stranded* at hindi makauwi dahil sa *lockdown*. Marami sa kanila ang nagkasakit at naubos ang naipong pera. Palpak rin ang *online* at *distance learning* sa sektor ng edukasyon dahil ipinatupad ito nang kulang ang mga pasilidad at kagamitan at hindi naihanda ang mga kurikulum bukod sa palyado ang serbisyo ng mga *internet provider*.

Umabot sa 12 milyong mamamayan ang walang trabaho habang sumirit pa ang presyo ng mga pangunahin bilihin. Naisadlak ang Pilipinas sa ibayong krisis na walang kaparis sa buong kasaysayan. Niluwagan ni Duterte ang *lockdown* upang diumano bumangon ang ekonomiya. Subalit nagdulot

lamang ito ng pagdami ng mga kaso ng COVID-19 sa bansa dahil inuna ang pagluluwag ng ekonomya nang hindi tinitiyak na mabakuhan muna ang populasyon. Bukod sa NCR, sumikad na ang mga impeksyon sa Cavite, Laguna, Bulacan at Rizal. Noong Marso 15, mayroong 21,275 kabuuang kaso ng COVID-19 sa Laguna. Mula sa naitalang 496 na aktibong kaso sa probinsya noong Marso 1, umakyat at halos dumoble ang aktibong kasong naitala tungong 938 noong Marso 15. Karamihan sa mga nagkasakit ay mga manggagawa.

**Bulok na sistemang pangkalusugan**

Pinalala ni Duterte ang bulok at komersyalisadong sistemang pangkalusugan sa Pilipinas. Nakabatay ang pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan sa *insurance* o PhilHealth imbes na paunlarin ito sa pamamagitan ng pagpapatayo ng mga pasilidad sa pananaliksik, imprastrukturang pangkalusugan at programa sa pangangalaga sa mga manggagawang pangkalusugan. Dahil sa patakarang pribatisasyon, pinaliit ang badyet para sa kalusugan. Noong 2020, binawasan pa ng rehimen ang badyet para sa pagsasaliksik sa mga sakit at epidemya.

Hanggang ngayon, walang kakayahan at lalong lumilinaw sa mamamayan ang pagpapabaya ng gubyernong Duterte. Kulang na kulang ang mga pasilidad para sa mga nagkakasakit ng COVID-19. Mayroon lamang 456 na pribado at pampublikong ospital sa bansa na may kakayahan para rito. Sa pagsikad ng mga kaso ngayong buwan, inilagay sa *high risk* ang 70-80% ng mga ospital sa Metro Manila na nangangahulugang halos mapuno na ang kanilang kapasidad.

**Militaristang solusyon**

Sa halip na lutasin ang problema sa pandemya sa paraang medikal at siyentipiko, pinagtuunan ng rehimen ang pagpapatupad ng militaristang *lockdown* na pinakamahaba sa buong mundo. Hindi nito nagawang sansalain ang COVID-19, bagkus nagdulot pa ng pagdami ng mga kaso ng paglabag sa karapatang tao at naghasik ng kultura ng takot. Nagpataw ng *curfew* ang rehimen at pinagbawal ang mga pagtitipon. Dinadakip at ikinukulong ang mga aktibista at karaniwang mamamayan sa ngalan ng paglabag sa mga *health protocol*. Sa kanayunan, nagtatago ang mga *focused military operations* (FMO) at *retooled community support program operations* (RCSPO) sa mga diumanong *covid-related missions*.

Sa gitna ng pandemya, iniratsada ni Duterte ang Anti-Terror Law (ATL) upang pigilan ang anumang pagtutol ng taumbayan at ipataw ang kanyang pasistang diktadura. Ginawa niyang sandata ang ATL upang atakihin ang sinumang tumututol sa kanyang patakaran.

Ang kabiguan ni Duterte sa pagharap sa pandemya ay pilit niyang pinagtatakpan gamit ang panlilinlang at panunupil. Subalit nalantad pa ang awtoritaryan at pansariling adyenda ng kanyang rehimen. Lumubha pa ang krisis pang-ekonomiya sa bansa na nagdulot ng malawakang ligalig sa mamamayan.

**Tugon ng taumbayan**

Marapat lamang na buuin ang pinakamalawak na nagkakaisang prente ng sambayanang Pilipino para igiit ang karapatan sa serbisyong panlipunan at labanan ang militaristang *lockdown*. Maglunsad ng paparaming pakikibakang bayan upang singilin si Duterte sa kanyang kapalpakan at kainutilan. Patuloy na ipanawagan ang pagbuwag sa IATF-EID at magbuo ng bagong *task force* na binubuo at pinamumunuan ng mga dalubhasa sa syensya, medisina at nakahahawang mga sakit.




Hangga't nananatili ang teroristang rehimeng Duterte sa poder, walang maasahang kalutasan ang mamamayang Pilipino sa pandemyang COVID-19 at iba pang krisis sa lipunan. Nasa pagkilos ng mamamayan ang kapasyahan para igpawan ito. Sa kanilang paglahok sa demokratikong rebolusyong bayan makakamit ang kanilang mga demokratikong interes kabilang ang programa para sa kalusugan, edukasyon at iba pang serbisyong panlipunan na tunay na maglilingkod sa mamamayan.

Sa kanayunan, ang demokratikong gubyernong bayan (DGB) ay nagpapatupad ng siyentipiko at makamasang sistemang pangkalusugan upang labanan ang COVID-19. Sa Timog Katagalugan, kagyat na bumuo ng programa ang mga rebolusyonaryong komite sa kalusugan para sansalain ang sakit. Sa tulong ng BHB, isinasagawa nila ang kampanyang edukasyon at sanitasyon sa mamamayan, lalo sa mga lugar na inabandona ng estado. Naglulunsad din sila ng mga klinikang bayan kung saan libre ang *check-up* at gamot.

Patunay sa tagumpay ng kampanyang ito ang walang naiulat na mga kaso ng COVID-19 sa mga larangang gerilya. Nakapaglunsad pa ng ibang serbisyong panlipunan ang mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika ng DGB sa mga saklaw nito sa larangan ng edukasyon at produksyon. Sa loob ng mga yunit ng BHB, *face-to-face* ang mga klase ng Literasiya at Numerasiya. Palagi ring katuwang ng mga magsasaka at katutubo ang BHB sa pagsasaka. K

# Madugong *crackdown* ng rehimen sa TK

Sampu ang patay habang walo ang dinakip sa Timog Katagalugan sa isinagawang madugong *crackdown* ng rehimeng Duterte ngayong Marso. Ang mga biktima ay mga aktibista na inatake at ginawang tropeo sa ngalan ng marumi at kontra-rebolusyonaryong gerang pinamumunuan ng NTF-ELCAC.




Dalawang aktibista ang inaresto sa Laguna noong Marso 4. Dinakip si Ramir Corcolon, myembro ng pambansang konseho ng Courage (samahan ng mga kawani ng gubyerno), sa San Pablo at Arnel Laguinas, dating unyonista sa pabrika ng Honda sa Sta. Rosa.

Noong Marso 7, naganap ang Bloody Sunday kung saan siyam na aktibista ang pinaslang at inaresto ang iba pa sa singkronisadong operasyon ng PNP-CALABARZON na COPLAN ASVAL sa iba't ibang bahagi ng Cavite, Laguna, Batangas at Rizal.

Bandang alas kwatro ng madaling araw, pinasok ng mga armadong elemento ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) Regional Force Unit 4A, Regional Mobile Force Battalion (RMFB) 4A at Nasugbu Municipal Police Station (MPS) ang kubo ng mag-asawang sina Ariel at Chai Evangelista sa tabing-dagat ng Brgy. Calayo, Nasugbu, Batangas. Pinaslang ang mag-asawa habang nakatakas ang kanilang 10-taong gulang na anak. Ang mag-asawa ay kasapi ng Ugnayan ng Mamamayan Laban sa Pagwawasak ng Kalikasan at Kalupaan (UMALPAS KA), isang organisasyon na tumututol sa mga mapanirang *eco-tourism project* sa Batangas.

Alas singko y medya ng umaga, nireyd ng mga pulis ang opisina ng Workers' Assistance Center (WAC) sa Dasmariñas, Cavite. Tinipon ng mga pasista ang tatlong aktibista at inihiwalay si Emmanuel Asuncion, lider ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)-Cavite bago pinatay.

Sa Rizal, anim na sibilyan ang pinaslang ng mga pulis sa loob ng kani-kanilang mga bahay. Nireyd ng 40 pulis at sundalo ng CIDG, Special Action Force at 202nd Brigade ng Philippine Army ang tahanan ni Melvin "Greg" Amistoso Dasigao sa Kasiglahan Village, Rodriguez. Pinalabas ang kanyang kinakasama at dalawang anak at saka siya pinatay. Sa parehong komunidad, pinatay rin ng mga naturang elemento si Mark "Makmak" Licoros Bacasno. Sa Brgy. Puray, Rodriguez naman, binaril hanggang sa mapatay sina Abner at Edward Mendoza. Ang mga biktima ay kasapi ng San Isidro Kasiglahan, Kapatiran, at Damayan para sa Kabuhayan, Katarungan at Kapayapaan (SIKKAD K3). Samantala, sa Sitio Mina, Brgy. Sta. Ines, Rodriguez, pinatay ang dalawang Dumagat na sina Puroy at Randy "Pulong" Pineda Dela Cruz.

Sa parehong araw, magkakasabay na inaresto ng mga pulis sina Esteban Larwa Mendoza, ang Executive Vice President ng Organized Labor Association in Line Industries and Agriculture-Kilusang Mayo UNO (OLALIA-KMU), Elizabeth "Mags" Camoral, tagapagsalita ng BAYAN Laguna at Nimfa Lanzanas, kasapi ng KAPATID-TK sa Laguna; Eugene Eugenio, presidente ng ARROWS-Antipolo City na kasaping organisasyon ng Courage at dalawa pa sa Rizal. Nireyd din ang bahay ni Lino Baez ng BAYAN-Batangas sa Sto. Tomas subalit hindi siya natagpuan ng mga pulis.

Naganap ang Bloody Sunday dalawang araw makalipas ang atas ni Duterte na "patayin ang lahat ng komunista". Kahalintulad ito ng OPLAN SAURON na isinagawa sa Negros noong 2019 kung saan hinainan ng mga *warrant of arrest*, tinaniman ng mga baril, pinalabas na "nanlaban" at saka pinatay ang mga biktima.

Isang linggong binimbin ng AFP-PNP ang mga labi nina Greg, Makmak, Puroy at Pulong sa Antipolo Memorial Homes sa Rizal. Pinahirapin ang kanilang mga kaanak na bawiin ang kanilang mga labi.

Noong Marso 28, tinambangan at pinagbabaril hanggang mapatay si Dandy Miguel ng mga operatiba sa paniktik ng AFP sa ASIA 1, Brgy. Canlubang, Calamba. Si Miguel ang bise presidente ng Pinagkaisang Lakas ng Manggagawa sa Timog Katagalugan (Pamantik)-KMU at pangulo ng unyon na Lakas ng Nagkakaisang Manggagawa sa Fuji Electric Philippines.

Nireyd naman ng mga pulis noong Marso 30 ang upisina ng Alyansa ng Manggagawa sa Engklabo sa Sta. Rosa at tinamnan ng mga baril at pasabog.

Sa ulat ng Karapatan-ST, aabot ng 31 aktibista sa TK ang pinaslang ng rehimen simula 2016. K

# Umiigting ang pakikibaka ng mamamayang Burmese laban sa huntang militar

Kahanga-hanga ang matatag na protesta ng mamamayang Burmese laban sa Tatmadaw (pwersang militar ng Myanmar) na nagsimula noong Pebrero at nagpapatuloy hanggang ngayon sa kabila ng tumitinding karahasan ng estado. Pumutok ang malawakang protesta matapos agawin ng Tatmadaw ang kapangyarihan sa demokratikong halal na mga lider ng gubyerno at dakpin ang mga kilalang lider ng demokratikong partido kabilang si Aung San Suu Kyi.

Halos araw-araw ang mga kilos protesta sa mga sentrong lungsod gaya ng Yangon, Nyapidaw, Myitkina at Mawlamyaing na hindi nahadlangan ng pandemya at mga atake't pagbabanta ng huntang militar. Muling narinig sa mga lansangan ang mga awiting pamprotesta na napabantog noong dekada '80 na kinakanta ng nakababatang henerasyon.

Ipinamalas ng mamamayang Burmese ang kapangahasan at kaparaanan sa paggamit ng iba't ibang porma at taktika sa pagpoprotesta. Naglulunsad sila ng mga gerilyang rali o mga mabilisang protesta at nagtayo ng barikada sa ilang siyudad. Dinedepensahan ang mga barikada gamit ang *air guns*, *molotov cocktails*, bato, pamalo at iba pa.

Sa mga komunidad, nagtayo ang mamamayan ng sistema ng babala tuwing gabi tulad ng pagpupukpok ng kaldero kapag may namataang dayo bilang kontra-hakbangin sa mga reyd ng pulis at panggugulo ng mga maton na inuupahan ng huntang militar. Mayroon ding patrolya at mga *watch brigade* o mga lokal na bantay.

Labis ang brutalidad ng Tatmadaw sa mga pagkilos. Aabot sa 550 ang pinaslang sa walang pakundangang pamamaril ng mga pwersang panseguridad sa mga protesta. Kabilang sa mga biktima ang 46 bata. Bugbog-sarado at kinukulata ng baril ang mga nadadakip na ralyista. Gumagamit din ang mga pulis ng *tear gas* at *stun grenades*.

Pinutol ng Tatmadaw ang *internet* upang pigilan ang pag-uugnayan ng mamamayan at pagkalat ng mga balita, bidyo at litrato ng karahasan ng Tatmadaw sa *social media*.

Pinasaklaw ng huntang militar ang pang-aatake hanggang sa mga rehiyong kontrolado ng mga tinatawag ng estado na mga armadong etnikong grupo. Noong Marso 27, naglunsad ito ng *air raids* sa silangang bahagi ng Karen State na nasa ilalim ng Karen National Union (KNU). Kumitil ito ng 20 tao at sapilitang nagpalikas sa libu-libong katutubo.

Mariing kinundena ng internasyunal na komunidad ang kalupitan ng Tatmadaw. Nagpahayag din ang ilan sa mga armadong etnikong grupo sa loob ng Myanmar na handa silang suportahan ang mga nagpoprotesta kung hindi ititigil ang *crackdown*. Bunsod ng karahasan, lumalaganap na sa mamamayang Burmese ang panawagang mag-armas upang gapiin ang mapaniil na huntang militar.

Pinagpupugayan ng PKP-TK ang mamamayan ng Myanmar sa kanilang marubdob na pakikibaka laban sa huntang militar. "Kailangang patuloy na igiit ng mamamayang Burmese ang kanilang karapatan sa sariling pagpapasya laban sa mapaniil na diktadurang militar at nang walang sumasagkang dayuhang kapangyarihan. Makatarungang magsulong ng armadong paglaban upang kamtin ang pambansang kalayaan at demokrasya," pahayag ng PKP-TK.

KILOS PROTESTA




## Bigong demolisyon ng *community resort* ng mga mangingisda sa Nasugbu, Batangas

Nananatiling nakatayo ang *community resort* ng mga maralitang mangingisda sa Sityo Ibayo, Barangay Wawa, Nasugbu, Batangas matapos biguin ng mamamayan ang tangkang pagdemolis dito ng mga gwardya ng Canyon Cove (CC) noong Marso 22.

Sama-samang sinalubong at kinumpronta ng mga mangingisda ang mga gwardya ng CC na inutusang gibain ang mga *cottage* sa tabing-dagat ng *community resort*. Walang nagawa ang mga gwardya sa kolektibong pagkilos ng mga residente. Nakatayo ang mga *cottage* sa lupang inaagaw ng kumpanya mula sa komunidad.

Tatlong araw bago ang bigong demolisyon, ipinatawag ng CC ang mga lider ng lokal na samahan ng mga mangingisda sa barangay. Pinagbantaan ng kinatawan ng CC ang dalawang humarap na lider mangingisda na dadahasin ang komunidad kung hindi magkukusa ang mga residente na gibain ang mga *cottage*.

Ang *community resort* na dinedepensahan ng mga mangingisda ay isang kooperatibang *resort* na may 100 pamilyang benepisyaryo. Itinatag ito ng mga residente bilang tugon sa krisis sa kabuhayan dulot ng pandemya.

# Panukalang 3in1 Palawan ng pangkating Alvarez-Duterte, ibinasura ng mga Palaweño

Nagwagi ang botong "NO" sa plebesito para sa Republic Act No. 11259 o 3in1 Palawan na naglalayong hatiin ang isla sa tatlong probinsya. Batay sa upisyal na resultang inilabas ng Comelec, nakakuha ang "YES" ng 122,223 boto habang 172,304 ang bumoto ng "NO" sa isinagawang pamprobinsyang halalan noong Marso 13.


Mayroong 60.06% *voter turnout* ang plebesito. Lamang ang "NO" ng 50,081 boto sa "YES". Nagtamo ang "NO" ng 58.48% ng kabuuang boto.

Ipinagdiwang ng mga Palaweño ang resulta ng halalan. Samantala, labag sa loob na tinanggap ng gobernador ng Palawan na si Jose Alvarez ang pagkatalo sa plebesito. Aniya, "Ang nawalan dito ay ang mamamayang Palaweño."

Ayon kay Leona Paragua, tagapagsalita ng NDFP Palawan, "Nahadlangan ng tagumpay na ito ang maniubrang pulitikal ng gubyernong Duterte-Alvarez. Ang pagkatalo ng botong 'YES' ay repleksyon ng malaking diskredito sa liderato ni Alvarez."

Ang RA 11259 na itinulak ni Alvarez ay naglalayong hatiin ang isla sa Palawan del Norte, Palawan Oriental at Palawan del Sur para umano gawing madali ang distribusyon ng ayuda at serbisyo sa mamamayan. Noong Disyembre 2017, ipinasa itong resolusyon sa pamprobinsyang lehislatura. Pumasa ang panukalang batas sa Kamara noong Agosto 2018 at sa Senado pagdating ng Nobyembre ng parehong taon. Pirmahan naman ito ni Duterte noong Abril 2019. Umani ito ng batikos sa hanay ng mga Palaweño.

Ani Paragua, "Ipinakita ng plebisito na hindi nanaisin ng mga Palaweño na hatiin-hatiin ang probinsya para dambungin ng pangkating Alvarez-Duterte at nagriribalang imperyalistang China at US. Kailangang ipagpatuloy ng mamamayang Palaweño ang kanilang laban para sa tunay na kapakinabangan at kagalingan."




*Resulta ng mga boto kada munisipalidad sa Palawan. Infographic mula sa Rappler.*

Ang plebesito ang unang halalan na ginanap sa bansa mula nang pumutok ang pandemya. Walang ulat ng karahasan at panggugulo sa buong proseso ng pagboto. K

BANTAY KARAPATAN

# Dalawang Mangyan-Hanunuo, dinukot ng 203rd Brigade

Dagdag na kaso ng teroristang 203rd Brigade ang pagdukot kina Kadlos at Jeremy 'Eming' Lukmay, dalawang Mangyan-Hanunuo at mga residente ng Sitio Kilapnit, Barangay Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Nawawala ang dalawa simula pa noong Marso 25 at hanggang ngayon ay hindi pa inililitaw ng mga militar ang mga biktima.

Dinakip ng mga sundalo ng 4th IB sa ilalim ng 203rd Brigade sina Eming at Kadlos noong umaga ng Marso 25, ilang oras bago ang engkwentro ng 4th IB sa BHB. Hinarang sa daan ang magkapatid na noo'y papunta sa kanilang kaingin para magkaong. Pinagsuspetsahan ang mga biktima na dadalo sa diumano'y "kasalan ng mga NPA" dahil sa dalang kaldero at suot na bota ni Eming. Kagyat silang hinuli kasama ang isa pang katutubong nagngangalang Adliw.

Hawak ng mga sundalo ang tatlong inarestong sibilyan habang naglalabanan ang 4th IB at BHB. Pinadapa ang tatlo sa kalsada habang naghihintay na matapos ang putukan. Bandang alas-otso ng gabi ay pinakawalan na si Adliw samantalang isinama paalis ng mga sundalo ang magkapatid na Lukmay.

Tumungo ang mga kapamilya ng dalawang biktima sa kampo ng militar sa Barangay Hagines sa Mansalay makalipas ang ilang araw. Wala silang napala dahil hindi inamin ng mga sundalo kung nasaan ang magkapatid.

Hanggang ngayo'y hinahagilap ng mga kamag-anak ang kinaroroonan ng dalawa. Kilala si Kadlos na titser ng *daycare center* sa Sityo Kolitob. Buntis siya at may isa pang anak. Pumapasok naman si Eming bilang *senior high student* sa Fe del Mundo National High School. K



# Panganganyon at panghahalihaw ng AFP-PNP sa Oriental Mindoro

Mariing kinundena ng rebolusyonaryong mamamayan ang teroristang panganganyon at panghahalihaw ng 203rd Brigade ng AFP-PNP sa hangganan ng mga bayan ng Mansalay at Roxas sa Oriental Mindoro sa pagtatapos ng Marso.

Pinasabugan ng 203rd Brigade ng 11 bala ng kanyong *howitzer* ang mga bulubunduking bahagi ng Barangay San Vicente sa Roxas at Barangay Panaytayan sa Mansalay noong Marso 25 at 26. Tinatayang 200 pamilya ang direktang apektado ng panganganyon.

Pininsala ng kanyon ang mga kaingin at komunidad ng mga Mangyan-Hanunuo na naninirahan sa lugar. Malaking kawalan ito sa kanilang pagkain at kabuhayan lalupa't nasa yugto na ng paghahanda para magtanim ang mga katutubo.

Kasabay ng panganganyon ang panghahalihaw ng 200 sundalo't pulis ng 4th IBPA at Regional Mobile Force Battalion-4B sa mga nasabing barangay. Sapilitan ding ipinatawag at dinetine sa *elementary school* ang mga residenteng Mangyan ng Sityo Boluntad at Tagascan ng Barangay San Vicente. Ginutom sila't pinagbawalan na pumunta sa kanilang mga kaingin.

Isinagawa ang pangangayon at panghahalihaw matapos ang engkwentro sa pagitan ng AFP at isang yunit ng BHB Mindoro noong Marso 25 kung saan nagtamo ang mga sundalo ng walong kaswalti. Lima ang nasawi habang tatlo ang sugatan sa 203rd Brigade.

KULTURA

# Ang mahalagang lakad ni Ka Libwa

*Ni Ka Jimboy*

Naghahanda si Ka Libwa para sa kanyang mahalagang lakad. Dahan-dahang itinali sa bewang ang kanyang futol[1] at kinuha ang kanyang bay-ungan[2] at isinukbit sa kanyang kaliwang balikat habang sa kanan naman ang kanyang *air gun*. Alam na ng kanyang babay[3] at dalawang anak kung saan siya pupunta.

"*Aho maglahawan punta sa mga kaufod* (Maglalakad ako papunta sa mga kasama),'' sabi ni Ka Libwa.

"*Ala suge* (Hala, sige)!" tugon ng kanyang babay at pinabaunan siya ng bundo ng kanyang dalawang anak.

Habang tinatahak ni Ka Libwa ang masukal na daan at tinatawid ang maliliit na sapa, pinag-iisipan na niya ang mga sikretong daan at atrasan na maaaring gamitin ng mga kasama. Sa lalim ng kanyang pag-iisip, hindi na niya namalayan na malapit na pala siya sa bahay na tinutuluyan ng mga kasama.

Isang masayang kumustahan kasabay ang pagdaop ng kanilang palad. "Pahinga po muna kayo," sambit ng TL na si Ka Bembol. Nagpainit ng tubig si Ka Jim upang makapagkape sila. Nagbabantay sa labas ng bahay si Ka Oriel habang nagpupulong ang mga kasama.

Pinagkwentuhan nila ang kalagayan ng mga komunidad na pinaglunsaran ng RCSPO[4] at FMO[5] ng kaaway. Ayon kay Ka Libwa, binubugbog ang mga katutubo, kinulong sa kampo nang ilang araw, pinipilit na sumuko, may mga tinortyur at maging mga sityo lider ay inaresto, ininteroga at pinahirapan. Lalong nagalit ang mga kasama sa ibinahagi ni Ka Libwa.

Kinabukasan matapos ang almusal, lumarga na ang tim kasama si Ka Libwa. Tahimik at maingat ang kanilang mga hakbang. Sumisenyas lang kung nais nilang magpahinga o uminom sa daan. Iginiya sila ni Ka Libwa sa lihim na daan hanggang sa makarating sa kanyang bahay.

Sinalubong sila ng pamilya ni Ka Libwa. Nag-alok ang babay ni Ka Libwa ng mainit na bundo. Habang kumakain, pinag-usapan na nila ang plano sa operasyon. Nagkaisa sila na isama si Ka RD at Ka Dolinog, anak ni Ka Libwa, para makatulong. Sina Ka Libwa, Ka RD at Ka Dolinog ay mga kasapi ng Milisyang Bayan (MB).

Malalim na ang gabi nang dumating sina Ka RD at Ka Dolinog. Lumipas nang mapayapa ang gabi. Ang tanging maririnig lang ay ang mga panggabing ibon at mga kulisap na sinasabayan ng pagaspas ng hanging amihan.

Isang malamig na umaga ang dumatal. Maya-maya'y naghain na ng almusal na bundo ang babay ni Ka Libwa.

Matapos kumain, nagpulong ang tim kasama ang tatlong MB. Ang babay at mga anak ni Ka Libwa ang nagbabantay at naghahanda ng pananghalian. Si Ka RD ang isasama ng tim sa sayt habang si Ka Libwa ang maghahanda ng kanilang atrasan. Si Ka Dolinog naman ang makikiramdam sa reaksyon ng masa at kaaway.

"Ngayon lang ako hahawak ng baril," tuwang-tuwang sambit ni Ka RD.

Alas-tres ng hapon, narinig nila ang ugong ng helikopter. Dali-dali nilang inobserbahan ang lipad nito. Mababa na ito. Biglang umimik si Ka RD, "Mga kasama, ang hagip kong balita ay ngayong sabado lilipad ulit ang heli."

Napaisip ang mga kasama. *Ano'ng aktibidad mayroon sa sityo?*

Ika-9 ng Enero, alas siete ng umaga naglakad ang tim. Humiwalay na si Ka Libwa sa apat niyang kasama. Mabagal, maingat ang bawat hakbang ng tim. Pasikot-sikot ang kanilang dinaanan upang maging lihim ang pagdikit sa kaaway.

Habang naglalakad, nakita nila ang bakas ng kaaway. Saglit na tumigil ang tim upang pag-aralan ang bakas. Bago pa lang ang bakas kaya doble ingat ang tim nang muli silang lumakad. Nang makarating sa sayt, siniyasat muna ito ni Ka RD.

Ilang minuto lang bumalik na si Ka RD. "*Clear* ang pwesto. Hindi pa nararating ng *recon* ng Kaaway!"

"Maganda!" tugon ni Ka Bembol at pumakat na sila. May ubo si Ka Oriel kaya pinaalalahanan siya ni Ka Bembol na gawan nang paraan na hindi marinig ang kanyang ubo.

Habang nakapakat, nasuri ni Ka Bembol na hindi kita ang target na kaaway. "Humanap tayo ng bagong sayt," atas ni Ka Bembol kay Ka RD.

Pagbalik ni Ka RD lumipat na sila sa bagong pwestuhan. Pagdating sa naturang pwesto, muli silang pumakat. Nag-obserba. Nakita nilang maraming masa. Halo ang mga matanda at bata pero mas marami ang mga bata.

"Hindi natin pwedeng barilin ang kaaway sa baba, madadamay ang mga masa," wika ni Ka Bembol.

Napaisip ang tim. *Iaatras na ba ang operasyon?*

Nakarinig sila ng ugong ng helikopter. Nagtinginan sina Ka Bembol at Ka Jim. Nagbago ang plano.

"Wag na nating isnaypin ang kaaway, bagkus ang heli na ang ating babarilin. Paglampas dito sa ating pwesto saka natin banatan." atas ni Ka Bembol.

Dumaan na ang helikopter, sinipat ito ni Ka Bembol at saka nagpakawala ng *signal fire*. *PAK!* Sumunod naman sina Ka Jim, Ka Oriel at Ka RD. *PAK! PAK! PAK!*

Maya-maya'y nagkumand na si Ka Bembol ng "atras". Kasabay ng kanilang pag-atras ang pagtalilis ng helikopter at makalipas ng ilang minuto ay gumanti nang walang patumanggang pamamaril ang mga kaaway.

*PAK! PAK! PAK! BRATTTT!! BRATTT!...*

Muling binagtas ng tim ang mga pasikut-sikot na daan at maliliit na sapa. Dobleng ingat ang kailangan ipatupad. Malayo pa'y tanaw ng tim si Ka Libwa na sagad sa panga ang ngiti sa paghihintay. Nakahanda na rin ang mainit na pagkain para sa pagod na pagod na mga kasama. Matapos ang kainan, masayang nagkwentuhan ang tim at si Ka Libwa. May mga dumating na rin na mga masa.

"Ano'ng nangyari mga kasama?" tanong ni Ka Libwa.

"Tumalilis ang helikopter," sagot ni Ka Oriel.

Malakas na tawa ang tugon ni Ka Libwa, "Ngayon lang ako nakarinig nang ganyang kuwento. *Yabay* (Ayos)! Kaya palang itaboy ang kinatatakutan na heli."

Malalim na ang gabi nang dumating si Ka Dolinog. Kagyat siyang nag-ulat. "Mga kasama, lumabas na ang mga kaaway, kasama ang matataas na opisyal. Kaso hindi na sila sumakay ng heli. Naglakad sila."

"Nabalitaan mo na ba ang nangyari?" tanong ng mga kasama.

"*Ala* (Oo)!" nakangiting sagot ni Ka Dolinog. "Sabi pala ng mga masa, salamat at hindi sila nadamay nang barilin ang helikopter."

Walang pagsidlan ang tuwa ng tim sa ibinalita ni Ka Dolinog. Nang gabing iyon muling nagpasalamat ang tim kina Ka Libwa at Ka Dolinog. "Pasabi rin sa lahat ng masa, *dahol fagmana-mana* (maraming salamat)."

Kinabukasan, sinalubong sila ng isang malamig na umaga at maliwanag na bukang liwayway. *Malapit na nga pala ang anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan!* sambit nila sa kanilang mga sarili. Muling naglakbay ang tim na hindi alintana ang pagod, uhaw at gutom bitbit ang kanilang panibagong karanasan at panibagong tagumpay! K

*Bokabularyo:*
*1 futol - itak*
*2 bay-ungan - bag*
*3 babay - asawang babae*
*4 RCSPO - retooled community support program operations*
*5 FMO - focused military operations*

